Paghahanda para sa Hukuman

Ang gabay na ito ay para sa mga taong mayroon ng isang legal na pagtatalo na pinagdedesisyunan ang isang hukuman o nasa pagdinig ng isang ahensiya at walang abogado.

Kahit 1 linggo bago ang petsa ng iyong hukuman, makipag-ugnayan sa hukuman kung kailangan ninyo ng:

- Isang tagapagsalin sa ibang wika
- Paggamit ng wheelchair

Maging maayos

- Siguraduhin na mayroon kayo ng lahat ng mga dokumentong kailangan ninyo para sa inyong kaso sa hukuman.
- Dalhin ang mga orihinal na dokumento. (Magkaroon ng mga kopya kung sakaling kailanganin ninyo ang mga ito.) Para sa mga talaan na mula sa isang opisina ng pamahalaan o ahensiya, kumuha ng mga sertipikadong kopya mula sa opisina ng ahensiya o pamahalaang iyon.
- Magdesisyon kung ano ang nais ninyo sa kaso – matutulungan kayo nito na tasahin ang anumang mga posibilidad ng pag-aayos ng inyong kaso nang walang isang paglilitis.
- Maghanda ng isang pahina ng mga tala para basahin na mayroong lahat ng mga puntos na nais ninyong gawin para hindi ninyo makakalimutan ang anuman. Maging handa sa mga petsa, pangalan, tirahan, at mga halaga ng dolyares.

Tungkol sa Gabay na ito

Ang gabay na ito ay ginawa ng Legal Aid Society of Northeastern New York sa pakikipagtulungan sa New York LawHelp Consortium at Pro Bono Net, na may suporta mula sa programa ng Legal Services Corporation Technology Initiative Grant.

Upang basahin ang lahat ng mga gabay sa seryeng ito, puntahan ang **LawHelpNC.org** o **LawHelp.org**.

LSC Legal Services Corporation

LEGAL AID NC

probono.net

- Kung wala kayong isang abogado, bisitahin ang *pro se office* o ang *pro se clerk* ng hukuman para sa impormasyon tungkol sa kung paano maghanda para sa inyong kaso. Ang *pro se* ay nangangahulugan na wala kayong isang abogado at kinakatawan ninyo ang inyong sarili sa hukuman. Ang mga hukuman ay hindi maaaring magbigay ng legal na payo tungkol sa inyong partikular na kaso, ngunit maaari silang magbigay ng impormasyon na makakatulong sa inyong maghanda para sa hukuman.

Maging nasa oras

- Pumunta sa hukuman nang 30 minutong maaga para sumailalim sa pagsisiyasat para sa seguridad at para hanapin ang tamang silid ng hukuman.
- Kapag nahanap ninyo ang inyong silid ng hukuman, sabihin ang inyong pangalan sa klerk o opisyal ng hukuman.

Kapag pumasok kayo sa silid ng hukuman

- Patayin ang inyong cellphone.
- Alisin ang inyong sombrero.
- Itapon ang inyong nginunguyang gum.

Magpakita ng paggalang sa Hukom

- Tumingin sa Hukom kapag siya ay nagtatanong sa inyo ng tanong.
- Magsalita nang sapat na malakas para mapakinggan kayo ng Hukom.
- Huwag abalahin ang Hukom.
- Maghintay hanggang matapos ng Hukom ang tanong bago kayo magbigay ng inyong sagot.

Pagsasalita sa hukuman

- Maging handa para sabihin ang inyong pangalan.
- Pagkatapos sabihin ang inyong pangalan, kayo ay hihilingin na itaas ang inyong kanang kamay at pagnunumpain na magsabi ng katotohanan.
- Dapat ninyong sabahin nang malakas ang inyong sagot. Huwag lamang tumango o ilingin ang inyong ulo.
- Kung sasabihin ng isa sa mga abogado ang "objection (tumututol)" pagkatapos na kayo ay tanungin ng isang tanong, tumigil magsalita. Pagkatapos, hintayin ang Hukom na sabihin sa inyo kung maaari ninyong sagutin ang tanong.
- Kung wala kayong nauunawaan na isang bagay, sabihin ang "Hindi ko maunawaan" at hilingin sa Hukom na ulitin ang katanungan.

Karagdagang Impormasyon

Ang ilang mga hukuman ay mayroong isang tao para makipag-ugnayan kung hindi kayo mahusay magsalita ng Ingles. Ang ilang mga hukuman ay mayroong isang tao para makipag-ugnayan kung kayo ay may kapansanan. Ang ilang mga hukuman ay mayroong tulong para sa pangangalaga ng bata. Pumunta sa website ng hukuman o tumawag o maagang bisitahin ang hukuman para malaman ang anumang mga serbisyo na maaaring makatulong.

Para sa Karagdagang Impormasyon

Naghahanap ng karagdagang impormasyon sa paksang ito? Bisitahin ang LawHelp.org at piliin ang inyong estado upang maghanap ng ibang mga mapagkukunan na makakatulong sa sarili at impormasyon tungkol sa libre at mababang halagang mga tagapagkaloob ng legal na tulong sa inyong lugar.

Pagtatatuwa ng Pananagutan

Ang gabay na ito ay inihanda para lamang sa mga layunin ng pangkalahatang impormasyon. Ang impormasyong nilalaman nito ay hindi isang legal na payo. Ang legal na payo ay depende sa mga partikular na kalagayan ng bawat sitwasyon. At saka, maaaring mag-iba ang batas sa bawat estado. Ang ilang impormasyon sa gabay na ito ay maaaring hindi wasto para sa inyong estado. Upang maghanap ng mga lokal na mapagkukunan, bisitahin ang LawHelpNC.org.